Reporma sa Rate, QIP, at Mga Update sa Direktoryo ng mga Provider

Pebrero 27, 2025

Salamat sa pagbabasa nitong mga pinakabagong update at progreso sa mga pagbabago para sa reporma sa rate, ang Programa sa Insentibo sa Kalidad (Quality Incentive Program o QIP), at ang Direktoryo ng Tagapagbigay. Pinahahalagahan namin ang patuloy na pakikipagtulungan at pasensya ng lahat ng mga sentrong pangrehiyon at tagapagbigay ng serbisyo sa pagsusulong ng mga pagsisikap na ito. Ang gawaing ito ay isang malaking pamumuhunan sa imprastraktura at kinabukasan ng sistema ng mga serbisyo para sa mga kapansanan sa pag-unlad ng California.

Mga Kailangang Malaman

Update sa Reporma sa Rate:

- Ang mga kasalukuyang modelo ng rate at mga rate para sa 2025 na may na-update na minimum na sahod at IRS mileage ay naipaskil sa webpage ng mga Modelo ng Rate ng DDS at mga Rate.
- Ang mga rate ng FMS para sa Mga Serbisyong Idinirekta ng Kalahok sa ilalim ng Service Code 490 at Service Code 491 ay na-update. Ang Fiscal Employer Agent (FEA), Service Code 490, ay dati nang may hiwalay na bawat-indibidwal na buwanang mga rate batay sa bilang ng mga Serbisyong Idinirekta ng Kalahok na natanggap. Epektibo sa Enero 1, 2025, wala nang hiwalay na mga rate batay sa bilang ng Mga Serbisyong Idinirekta ng Kalahok na natanggap bawat indibidwal. Para sa FMS, Sole/Co-Employer, Service Code 491, walang mga pagbabago maliban sa pagtaas ng rate. Ang mga na-update na rate ay naipaskil noong Biyernes Pebrero 14, 2025, sa webpage ng mga rate ng pagbabayad.
- Ang Supported Employment-Group sa ilalim ng Service Code 950 ay magpapatuloy sa kasalukuyan nitong paraan ng pagsingil batay sa mga oras ng Job Coach gamit ang parehong rate ng Supported Employment-Individual. Ito ay isang pagbabago mula sa nakaraang rekomendasyon ng pagsingil batay sa bilang ng mga indibidwal bawat pangkat. Ang paraan ng pagsingil na ito ay magpapatuloy hanggang sa karagdagang abiso at hindi bababa hanggang Disyembre 31, 2025. Ang Kagawaran ay mag-a-update ng mga nakapaskil na rate para sa Service Code 950 sa webpage ng reporma sa rate. Isang binagong direktiba ang paparating.

Update sa Quality Incentive Program (QIP):

- Sa bawat paglabas, isasama ng Departamento ang mga tagubilin sa mga sentrong pangrehiyon upang gawin ang mga sumusunod na minsanang pagbabayad ng insentibo sa QIP. Ang mga sentrong pangrehiyon ay magkakaroon ng 90 araw para ilabas ang mga pagbabayad na ito:
- Pagpapatala sa Direktoryo ng Tagapagbigay: Ang mga minsanang insentibo para sa mga karapat-dapat na tagapagbigay tulad ng nakabalangkas sa direktiba ng direktoryo ng tagapagbigay ng QIP ay ipapadala sa mga sentrong pangrehiyon.
- Kapasidad ng Trabaho: Ikatlong Tatlong Buwan ng Piskal na Taon (FY) 2024/2025
- Survey ng DSP Workforce: Pakikilahok sa survey na isinagawa noong unang bahagi ng 2024 para sa Taon ng Kalendaryo (Calendar Year o CY) 2023
- Maagang Interbensyon: Mga bayad sa insentibo na nakuha noong ikalawang talong buwan ng CY 2024
- Access sa Trabaho: Mga bayad sa insentibo na nakuha noong ikatlong talong ng FY 2023/2024
- Binabalangkas ng sumusunod na talahanayan ang lahat ng mga pagbabayad sa QIP hanggang sa kasalukuyan, pati na rin ang paparating na pagpapalabas ng mga pagbabayad sa QIP.

Buod ng mga Pagbabayad sa QIP

Panukala sa QIP	Inilabas ang Listahan ng Insentibo	Bilang ng mga Kalahok	Halaga na Binayaran sa Mga Tagapagbigay
Survey sa DSP Workforce 2022 (1)	9/30/2022	1492	$11,936,000
Survey sa DSP Workforce 2022 (2)	12/15/2022	398	$3,184,000
Survey sa DSP Workforce 2022 (3)	1/12/2023	211	$1,688,000
Survey sa DSP Workforce 2023 (1)	11/22/2023	1479	$11,832,000
Survey sa DSP Workforce 2023 (2)	1/19/2024	227	$1,816,000
Pag-iwas at Kagalingan FY 22/23	9/29/2023	15	$86,000

Kapasidad ng Trabaho FY 23/24 (Q1)	2/23/2024	100	$342,125
Access sa Trabaho FY 23/24 (Q1)	3/1/2024	116	$161,500
Kapasidad ng Trabaho FY 23/24 (Q2)	5/1/2024	39	$117,000
Access sa Trabaho FY 23/24 (Q2)	8/6/2024	217	$316,500
Maagang Interbensyon 2024 (Q1)	10/4/2024	24723	$6,647,500
Survey sa DSP Workforce 2024	2/13/2025	1795	$14,360,000
Kapasidad ng Trabaho FY 23/24 (Q3)	2/13/2025	119	$327,000
Maagang Interbensyon 2024 (Q2)	2/28/2025	Nasa Proseso	Nasa Proseso
Access sa Trabaho FY 23/24 (Q3)	2/28/2025	Nasa Proseso	Nasa Proseso
Pag-iwas at Kagalingan FY 23/24	2/28/2025	Nakabinbin	Nakabinbin
Direktoryo ng Tagapagbigay*	2/28/2025	Nakabinbin	Nakabinbin
Kapasidad ng Trabaho FY 23/24 (Q4)	3/7/2025	Nakabinbin	Nakabinbin
Access sa Trabaho FY 23/24 (Q4)	3/7/2025	Nakabinbin	Nakabinbin
Maagang Interbensyon (Q3 at Q4)	4/30/2025	Nakabinbin	Nakabinbin

*Magsisimula at maa-update ang mga pag-apruba sa pagbabayad habang pinapatunayan ng mga tagapagbigay ng serbisyo ang datos.

- Ang mga pulong ng focus group ay nangangalap ng feedback at puna mula sa komunidad. Tinatalakay ng mga focus group na ito ang mga potensyal na hakbang sa kalidad at mga oportunidad para sa mga tagapagbigay na makuha ang kanilang bahagi ng kalidad na rate ng insentibo sa trabaho, workforce, pag-iwas at kagalingan, at pagpapahusay ng Direktoryo ng Tagapagbigay. Ang hinaharap na mga

focus group ay pinaplano upang talakayin ang mga posibleng hakbang sa kalidad sa mga lugar ng pagiging napapanahon at mga serbisyo ng maagang interbensyon. Ibubuod at ibabahagi ang feedback at puna ng focus group sa buong workgroup ng QIP sa pulong nito sa Marso 17, 2025.

Direktoryo ng mga Provider:

Nais ng Departamento na kilalanin ang lahat ng suporta na natanggap ng Direktoryo ng Tagapagbigay mula sa komunidad ng tagapagbigay ng serbisyo at mga sentrong pangrehiyon. Pinahahalagahan namin ang pasensya at pakikipagtulungan ng lahat sa mga pagwawasto at update. Malaking pag-unlad ang nagawa. Ilang libong na-update na numero ng bendedor ang na-load ngayong buwan, na lumilikha ng oportunidad para sa mga tagapagbigay ng serbisyo na mag-login at i-update ang kanilang impormasyon sa sistema at makakuha ng mga insentibo:

- Mahigit sa 1,900 tala ang idinagdag sa Direktoryo ng Tagapagbigay noong Enero at karagdagang 2,160 noong unang bahagi ng Pebrero.
- Ang mga Tagapagbigay ng Serbisyo na nakatanggap ng abiso sa email ng isang bagong tala o imbitasyon para magparehistro ay hinihikayat na mag-log in, tiyaking nakarehistro sila, at iberipika at isumite ang kanilang mga talaan upang mapanatili ang bahagi ng QIP ng rate.
- Ang ilang mga bendedor na hindi aktibo hanggang sa apat na taon ay nagpatuloy sa pagsingil para sa mga serbisyo. Aktibo ang mga bendorisasyong ito sa sistema ng SANDIS/UFS ngunit hindi na-load dati sa Direktoryo ng Tagapagbigay dahil sa kakulangan ng aktibidad sa pagsingil. Ang isang listahan ng mga bendedor na ito ay naipaskil sa website ng Departamento.
- Ang Senate Bill 138 Initiatives buod ng timeline at dokumento ay naglalarawan sa mga kinakailangan ng batas at nagbibigay ng update sa gawaing ginagawa upang matugunan ang mga ito, kabilang ang paggawa ng pamantayan ng mga pamamaraan ng bendorisasyon.

Mga Susunod na Hakbang (Mga pangunahing napag-alaman, mga item na aaksyunan, o mga mahahalagang petsa):

Reporma sa Rate:

- Nagpapatuloy ang trabaho kasama ang mga grupo ng tagapagbigay sa mga lugar tulad ng Transportasyon, Maagang Interbensyon at Mga

Serbisyong Espesyalista sa Terapyutiko para matugunan ang mga isyu sa reporma sa rate.

- Ang mga sentrong pangrehiyon at tagapagbigay ng serbisyo ay mayroon hanggang Marso 31, 2025, upang tapusin ang mga tamang pag-ayos ng kodigo ng serbisyo, ang rate, at pagkumpleto ng Form ng Pagkilala sa Serbisyo, na dapat tukuyin ang rate. Kapag nakumpleto na ang Form ng Pagkilala sa Serbisyo, ia-update ng mga sentrong pangrehiyon ang mga pahintulot, kung kinakailangan, mula sa transisyonal na rate hanggang sa na-update na nakahanay na kodigo ng serbisyo, (mga) subcode at rate ng modelo ng rate.
- Ang Service Acknowledgment Form (Form ng Pagkilala sa Serbisyo) ay mandatoryo para sa lahat ng tagapagbigay ng serbisyo na gumagamit ng mga kodigo ng serbisyo sa loob ng reporma sa rate. Ang kasunduang ito ay nagpapaalam sa tagapagbigay at sentrong panrehiyon ng anumang mga pagbabago sa mga kodigo ng serbisyo, mga subcode at pagbabago sa rate.
- Ang mga form na ito ay hindi dapat maglaman ng mga blangko para sa impormasyong ito kapag nilagdaan, dahil ang form ay isang pormal na kasunduan.
- Ang mga nakumpletong form ay kinakailangan upang tapusin ang paglipat sa mga bagong kodigo ng serbisyo, mga subcode at mga rate.
- Ang mga tagapagbigay ng serbisyo na hindi pumirma sa form na ito ay ituturing na hindi sumusunod at napapailalim sa potensyal na pagwawakas sa ilalim ng California Code of Regulations Title 17 section 54370 (c). Dahil dito, ang mga sentrong pangrehiyon ay mahigpit na hinihikayat na makipagtulungan sa mga tagapagbigay at sa Departamento upang matiyak na ang mga form ay tumpak at magagamit sa oras para sa pagsasaalang-alang at pagsusuri bago ang Marso 31, 2025 na takdang panahon.
- Hinihikayat ang mga tagapagbigay na ipaalam ang mga alalahanin sa mga pagkalkula ng rate sa sentrong pangrehiyon, dahil magpapatuloy ang pagsusuri sa mga rate.
- Ang mga tagapagbigay ay maaari ding magsumite ng isang form ng pagsusuri sa rate kung naniniwala silang may mali sa pagkalkula ng rate. Pakitandaan na kung ang pagiging karapat-dapat ng tagapagbigay para sa bahagi ng kalidad ng rate ng insentibo (sampung porsyento) ay nakabinbin dahil sa pagkumpleto at pagpapatunay ng impormasyon sa Direktoryo ng Tagapagbigay, ang Form ng Pagkilala ng Serbisyo ay maaaring kailanganing i-update muli sa hinaharap kapag ang pagiging karapat-dapat para sa bahagi ng rate ng insentibo ng kalidad ay natapos.
- Hanggang Disyembre 31, 2025, patuloy na gagamitin ng mga tagapagbigay ng serbisyo ang transisyonal na rate para sa bawat indibidwal na kasalukuyang tumatanggap ng mga serbisyo hanggang sa

ang kanilang indibidwal na awtorisasyon, batay sa kanilang Indibidwal na Program Plan o Indibidwal at Family Service Plan, ay magsimulang gamitin ang bagong rate model service code (mga), subcode (s) at mga rate.

QIP:

- Ang Access sa Trabaho at Kapasidad ng Trabaho na mga hakbang sa insentibo ay magpapatuloy hanggang Hunyo 30, 2025. Hinihikayat ang mga tagapagbigay na samantalahin ang mga pagkakataong ito upang makakuha ng mga de-kalidad na insentibo bilang karagdagan sa mga modelo ng rate.
- Subaybayan ang webpage ng Mga Kaganapan ng Kagawaran para sa paparating na mga pulong ng QIP Workgroup. Ang mga pulong ng workgroup ay bukas sa publiko at gaganapin mula 2pm – 4pm PT sa mga petsang ito:
- Marso 17, 2025
- Hunyo 16, 2025
- Setyembre 15, 2025
- Disyembre 15, 2025

Direktoryo ng mga Provider:

Pinagsama-sama ng Departamento ang anim na listahan ng grupo ng tagapagbigay sa tatlo upang pasimplehin ang pagberipika ng pagiging karapat-dapat sa QIP. Maaaring mahanap ng mga tagapagbigay ng serbiyso ang kanilang **pangalan** at **numero** ng bendedor sa mga listahang ito sa website ng Direktoryo ng Tagapagbigay upang patunayan na matatanggap nila ang buong pamantayan (benchmark) na rate (100 porsiyento) simula Enero 1, 2025, kahit na kailangan ang mga retroaktibo na pagbabayad. Kung wala sa listahan ng "QIP Kwalipikado," maaaring suriin ng mga tagapagbigay ng serbiyso ang mga listahan ng "Kailangan ng Survey" o "Mga Bagong Tagapagbigay" upang matukoy ang mga susunod na hakbang na kailangan para maging kwalipikado. Ang mga listahan ay ipinaliwanag sa website, ina-update linggu-linggo, at ang batayan para sa pagkalkula ng mga pagbabayad sa QIP.

Kung May Mga Tanong:

Email para sa Reporma sa Rate: ratesquestions@dds.ca.gov
QIP Email: QIPquestions@dds.ca.gov
Email para sa Direktoryo ng mga Provider: providerdirectory@dds.ca.gov.